1

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kuwarter 1

Linggo 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 1**
**Kuwarter 1: Linggo 2**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:**
**Tagasuri:** Dr. CONCHITA YUMOL / EDUARDO M. AGUILAR
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ANDREW E. TAN**, AP Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | Una |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nailalarawan na ang bawat tao ay may iba't ibang pangangailangan, interes at kakayahan. | | | |
| *D. Mga Layunin* | 1. Natutukoy ang mga pangunahing pangangailangan ng tao upang mabuhay tulad ng pagkain, kasuotan, at tirahan.<br><br>2. Nakapagpapakita ng pagpapahalaga sa mga pangunahing pangangailangan ng tao.<br><br>3. Nilalarawan ang buhay ng mga Pilipino noon na nakatira sa NIPA HUT na napapaligiran ng mga gulay. | 1. Naipaliliwanag ang iba pang pangangailangan ng tao upang mabuhay tulad ng paglililinis katawan.<br><br>2. Naipakikita ang kahalagahan ng pagiging malinis sa pangangatawan. | 1. Nailalahad ang iba pang pangangailangan upang mabuhay tulad ng pagmamahal at pag-aalaga ng magulang o tagapangalaga.<br><br>2. Naipakikita ang kahalagahan ng pag aalaga ng magulang o tagapangalaga. | 1. Nasasabi na ang bawat tao ay may iba't ibang pangangailangan batay sa aspeto ng buhay halimbawa: (edad, hilig at interes) |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | ANG BAWAT TAO AY NATATANGI ESTILO NG MUSIKA (FOLK SONG) | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *A. Mga Sanggunian* | Araling Panlipunan - Unang Baitang Kagamitan ng Mag-aaral | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Larawan, monitor at laptop<br><br>https://publicdomainve ctors.org/en/free- clipart/Extended- cartoon- family/73987.html. https://www.bing.com/i mages/search?view<br><br>=detailV2&ccid<br><br>https://publicdomai nvectors.org/en/free- clipart/Extended- cartoon- family/73987.html https://pixabay.com/photos/tree-watering-child- planting-3335400/ | | | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Balik-aral:<br><br>Magbalik-aral sa mga konseptong tinalakay. Pag-usapan ang pisikal na katangian ng mga Pilipino.<br><br>Maaaring ang ipagawa dito ay umawit ng BAHAY KUBO.<br><br>Pagkatapos umawit ay tanungin ang mga bata ng:<br><br>Tanong:<br><br>Ano ang pamagat ng Awitin?<br><br>Ano ang katangian ng bahay sa awitin?<br><br>Sagot:<br><br>(bahay na MUNTI- maliit, na napapalibutan ng | Balik-aral:<br><br>Pagbabalik-aral sa mga pansariling pangangailangan. Naaalala n'yo pa ba ang mga pangunahing pangangailangan ng tao na ating pinag aralan kahapon?<br><br>Ano ang masasabi n'yo sa mga larawan sa pisara?<br><br><br><br>https://www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid | Balik-aral:<br><br>Anong pansariling pangangailangan ang dapat maibigay sa mga bata upang mapangalagaan ang kalusugan?<br><br>Dagdag sa gawain ang pagpaparinig sa bata ng MUSIKA: (LISTENING ACTIVITY)<br><br>Suhestiyon: Sa Ugoy ng Duyan<br><br>Musika ni: Lucio San Pedro<br><br>Titik ni: Levi Celerio<br><br>Tanong:<br><br>"Tungkol Saan ang Awitin?" | Balik-aral:<br><br>Paano maipakikita ang pag-aalaga at pag<br><br>aaruga ng magulang sa anak? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | maraming GULAY at pananim)<br><br>Tanong:<br><br>Sa tingin ninyo mga bata, ano ang mga bagay na nasa awitin na pangangailangan ng mga batang kagaya ninyo?<br><br>Sagot:<br><br>Bahay (Tirahan) Pagkain (Masusustansiyang Pagkain)<br><br>Sabihin sa mga bata na bukod sa tirahan at pagkain ay may iba pang pangangailangan ang mga bata na kagaya ninyo<br><br>Pipiliin ng bata ang sa palagay nila ay kailangan upang mabuhay.<br><br>1. junk foods<br>2. gulay<br>3. bahay<br>4. gadget<br>5. damit<br>6. prutas<br>7. alahas | <br>*https://publicdomainvectors.org/en/sea rch/foods*<br><br><br>*https://publicdomainvectors.org/en/sea rch/foods* | Sagot:<br><br>Tungkol sa Pagmamahal ng Ina sa kaniyang Anak”<br><br>Dito ay maiuugnay na susunod na paksa. | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Iuugnay ang gawain sa paglalahad ng | | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin*<br>*ng Aralin* | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin: "Ngayong araw, malalaman natin ang ang mga pangunahing pangangailangan upang mabuhay. Aalamin natin kung bakit mahalaga ang mga ito. | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin:<br>"Ngayong araw, malalaman natin ang iba pang pangangailangan upang mabuhay tulad ng paglilinis ngkatawan. | Ipahahayag ng guro ang layunin ng aralin:<br>"Ngayong araw, malalaman natin ang iba pang pangangailangan upang mabuhay tulad ng pagmamahal at pag-aaruga ng magulang o tagapangalaga. | PICK AND TELL- tanggalin na lang yung feelings. Palitan ang title tulad ng<br>IPAKITA ANG GALING MO!<br>Titulo ng gawain. Magpaikot ng bote tulad ng TRUTH OR CONSEQUENCE para maituro kung sino ang magtatanghal o magpapakita ng talento o galing sa ibat-ibang bagay.<br>(kumanta, sumayaw, umarte o (iarte ang hilig gawin na mga bagay gaya ng maglaro ng gadget) pwedeng pahulaan sa mga kamag-aral), tumula, at iba pa) |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br>*sa Aralin* | 1. Ipaliliwanag ng guro ang mga sumusunod na mga salita gamit ang larawan at pangungusap. Pangunahing Pangangailangan<br>junk foods<br>okasyon<br>panahon<br>klima | 1. Ilalahad ng guro ang mga sumusunod na mga salita:<br>sabon<br>nail<br>cutter<br>suklay<br>bimpo<br>2. Ipaliliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng | 1. Ipaliliwanag ng guro ang mga sumusunod na salita:<br>isilang pag-aaruga mamulat sakripisyo<br>2. Ipaliliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap o pagpapakita ng larawan. | 1. Ipaliliwanag ng guro ang mga sumusunod na mga salita:<br>paborito interes hilig<br>2. Ipaliliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita sa pamamagitan ng paggamit ng mga ito sa pangungusap o pagpapakita ng larawan. |





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | paggamit ng mga ito sa pangungusap o nagpapakita ng tunay na bagay. | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Pagbasa ng mga mag aaral sa mga salita na inihanda ng guro at paggamit nito sa pangungusap. | Ipakikita ang tunay na bagay na ginagamit sa paglilinis ng katawan. (*shampoo*, tuwalya, sabon, *loofah* o panghilod, pulbos, *toothbrush*, *toothpaste*, *alcohol, nail cutter,* bimpo).<br><br>Ilagay ito sa mesa. Itatanong ng guro ang mga sumusunod:<br><br>1. Mayroon ba kayo nito sa inyong bahay?<br><br>2.Alin sa mga ito ang ginagamit ninyo araw araw?<br><br>3. Paano mo gagamitin ang panlinis sa katawan na iyong pinili?<br><br>(Papipiliin ang bata ng isang bagay na nasa mesa at sasabihin ang gamit nito) | Ipakita ang larawan ng isang pamilya.<br><br><br><br>Itanong:<br><br>Ano ang nasa larawan? Sino-sino ang mga nasa larawan?<br><br>Ano ang kanilang ginagampanan bilang bahagi ng pamilya?<br><br>Isusulat ng guro ang mga sagot sa pisara. Babasahin ito ng mga bata sa patnubay ng guro. | Tatanungin ng guro ang mga bata tungkol sa mga paborito nilang pagkain,gawain, at kakayahan. Itatala ang mga ito ng guro sa pisara. Ipakikita ito sa mga bata. |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang* | Babasahin ng guro ang tula na may kaugnayan sa aralin. | Ipaaawit sa mga bata sa himig ng "Sitsiritsit" | Ilahad sa mga bata ang tula. | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pag-unawa/ Susing Ideya* | **Ang Aking Pangangailangan**<br>Sinulat ni: Ana N. Calisura<br>Tamang pagkain<br><br>Ating tangkilikin<br>Prutas at gulay<br>Pampasigla ng buhay<br>Junk foods ay iwasan<br>Nakakasama sa katawan.<br>Kasuotan iangkop sa panahon<br><br>Na ayon sa tamang okasyon<br>Pag-ingatan ating kasuotan<br>Upang magamit ng pangmatagalan.<br><br>Aming tirahan ay munting kubo<br>naman Ito ay lugar ng pagmamahalan<br>Bukas ito sa mga nangangailangan<br>Kung naghahanap ng masisilungan.<br><br>Tungkol saan ang tula? Ano ang nais ipahiwatig nito sa atin?<br>Paano maaaring gawing masigla ang | Bago ipaawit sa mga bata ito, siguraduhin na binasa ng guro ang tamang silabikasyon ng mga salita na naaayon sa ritmo ng awiting sitsiritsit.<br>Ang pag-aaral ng awitin ay isa-isang linya bago awitin ng buo.<br>Ang paraan ng pagtuturo na ito ay ROTE na kung saan ginagaya ng bata ang kinakanta ng guro.<br>Susunod ay naiparinig ng guro ang tamang tono kasabay ng tamang ritmo.<br>Maligo araw-araw Sabunin mo ang katawan Magsuklay ng iyong buhok<br>Magsipilyo ng tatlong beses. Gamitin ang *nail cutter* Mahabang kuko ay putulin<br>Maghugas ng iyong kamay<br>Maging ligtas sa karamdaman.<br><br>Itanong:<br>• Tungkol saan ang inawit ninyo?<br>• Anong mga bagay na | **Dakilang Magulang**<br>Sinulat ni: Ana N. Calisura<br>Simula ng ako’y isilang. Dama ko ang nyong pag-aruga at kabutihan Pag-ibig ninyo ang lakas ko nang mamulat ako sa mundo. Lahat ay gagawin ninyo para sa kabutihan ko. Nanay at tatay ang nagtatrabaho.<br>Hindi mapantayan na sakripisyo. Pagbubutihin ko ang pag-aaral<br>Gagawin ko ang wastong asal. Susundin ko ang inyong pangaral Salamat sa pagmamahal.<br>Tungkol saan ang tula? Ano ang nais sabihin nito sa atin?<br>Sasabihin ng guro:<br>Bukod sa pagkain, tirahan, kasuotan, at malinis na pangangatawan, kailangan din ng bata ang pagmamahal at pagkalinga ng magulang.<br>Muling balikan ang tula at ipasagot ang mga tanong na ito: | Magpakita ng mga larawan ng iba pang mga paboritong pagkain,gawain, at kakayahan ng mga bata.<br><br><br> <br><br> |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | buhay?<br>Paano inilarawan ang tirahang munting kubo sa tula? | ginagamit na panlinis ng katawan ang binanggit sa awit? | 1. Anong uri ng magulang ang ipinakita sa tula? 2. Ano ang nararamdaman ng bata sa kanyang mga magulang?<br>2. Anong uri ng mga magulang mayroon ang bata? | Ano ang mga ito? Bakit ninyo gusto ang mga ito?<br>Sasabihin ng guro:<br>Paborito ang tawag sa mga bagay na gusto ninyo. May paborito kayong pagkain, damit, pansariling gamit, at mga gawain tulad ng paglalaro at pagtatanim. |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/ Susing Ideya* | Tayo ay maraming pangangailangan na kailangang matugunan. Kailangan natin ng masustansyang pagkain upang maging malusog ang katawan at makaiwas sa sakit.<br>Kailangan ninyo ang kasuotan na angkop sa panahon.<br>Ang klima ay isang batayan upang malaman natin kung anong kasuotan ang naaayon sa panahon.<br>Sa panahon ng tag init, kailangang magsuot ng manipis na damit upang maging maginhawa ang pakiramdam at hindi pagpawisan. Sa panahon naman ng taglamig, ang damit na dapat isuot ay mas | Magkukwento ang guro tungkol sa Ang Prinsipeng Ayaw Maligo (Kwentong Batibot)<br>1. Tungkol saan ang kuwento?<br>2. Bakit ayaw maligo ni Prinsipe Tsikiting?<br>3. Ano ang nangyari sa kanya?<br>4. Tama ba ang ginawa ni Prinsipe Tsikiting? Bakit?<br>5. Ano ang mabuting naidudulot ng pagkakaroon ng malinis na pangangatawan? | 1. Maliban sa mga pansariling pangangailangang natalakay na, ano pang pangangailangan ng bata ang binanggit sa tula?<br>2. Kailangan n'yo rin ba ang pagmamahal at pag-aalaga ng magulang o tagapag- alaga? Bakit?<br>3. Paano ninyo maipakikita ang pagpapahalaga sa pagmamahal ng inyong mga magulang o tagapag- alaga? | Iba-iba ang pangangailangan at hilig ng tao depende sa edad at interes. May nangangailangan ng tirahan at mayroon namang nangangailangan ng laruan. Kapag bata pa, paborito nito ang paglalaro pero nagbabago ang interes nito habang tumatanda o nagkakaedad. Sa halip na maglaro, tumutulong na ito sa magulang.<br>Hindi lahat ng paborito ay magdudulot ng kabutihan. Halimbawa ang labis na paggamit ng *gadget,* ay nakasisira sa mata, pananakit ng batok at pagtaas ng timbang dahil hindi na nakagagalaw.<br>Ang sobrang pagkain ng *junk foods* ay maaaring magdulot ng problema |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | makapal at may mahabang manggas tulad ng sweater at jacket upang hindi tayo ginawin.<br><br>Tirahan ang isa sa mga pangunahing pangangailangan ng tao. Tinatawag din natin itong bahay. Ito ang masisilungan natin sa panahon ng tag-ulan at tag-init. Nagbibigay din ito ng proteksiyon laban sa sakit, mababangis na hayop, at sa mga taong may masamang balakin. Dito rin. namamahinga at naglilibang ang mag-anak.<br><br>Ano-ano ang pangunahing pangangailangan ng batang tulad ninyo?<br><br>Bakit kailangang matugunan ang inyong mga pangangailangan?<br><br>Anong pagkain ang dapat ninyong kainin?<br><br>Alin ang hindi?<br><br>Anong mangyayari kung hindi masustansya ang | | | sa kalusugan na pwedeng mag resulta sa malubhang sakit. Dapat din na malinang ang angking kakayahan ng bawat bata upang maging kapaki-pakinabang at maging produktibo. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pagkain mo?<br><br>Ano ang dapat ninyong gawin sa inyong kasuotan?<br><br>Bakit kailangan ang tamang kasuotan?<br><br>Anong mangyayari kung walang tirahan ang isang bata?<br><br>Paano mo mapahahalagahan ang inyong tirahan? | | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Ano ang pinakapangunahing pangangailanganng tao?<br><br>Bakit ito kailangan ng mga tao?<br><br>Paano mo maipakikita sa iyong mga magulang ang pagpapahalaga sa iyong pagkain,kasuotan, at tirahan o bahay? | Ano ang mga dapat gawin upang mapanatiling malinis ang katawan?<br><br>Magbigay ng iba pang ginagawa sa araw-araw para mapanatili ang kalinisan sa katawan?<br><br>Magbibigay ng halimbawa ang guro.<br><br>Paghuhugas ng kamay ang tubig ay napakahalaga upang mapanatili ang kalinisan.<br><br>Mapangangalagaan natin ang ating sarili laban sa nakahahawang sakit tulad ng sakit na dala ng | Anong pansariling pangangailangan ng bata ang tinalakay natin ngayon?<br><br>Ano ang maaari ninyong gawin bilang isang mabuting bata upang maipadama ang pagmamahal ninyo sa inyong magulang o pagapangalaga?<br><br>Iugnay ang sagot ng bata sa GMRC value: respect | Ano ang tawag sa mga bagay na pinakagusto natin? Pangunahing pangangailangan ba natin ang mga ito?<br><br>Paano natin mapahahalagahan ang mga bagay na ating paborito?<br><br>Iugnay sa GMRC value: respect |





Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | pandemyang COVID 19 kung maghuhugas tayo ng ating mga kamay.<br><br>Sa ating paaralan ay mayroon tayong Wash in School Facilities (WINS). Makikita rin natin dito ang *drinking faucet* at mga gamit sa paghuhugas ng kamay.<br><br>Kailangang ugaliin nating maghugas ng kamay lalo na pagkatapos gumamit ng palikuran.<br><br>Kailangan din na malinis ang ating kamay bago kumain.<br><br>Ang personal na kalinisan ay magpapabuti ng iyong pakiramdam sa sarili. Ugaliing maging maayos at malinis sa iyong pangangatawan at siguraduhing ngumiti.<br><br>(Maaaring magbigay ang guro ng dagdag | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Panuto: Bilugan ang pangunahing kailangan mo para mabuhay.<br>1. <br>2. <br>3. <br>4. <br>5.  | Panuto. Lagyan ng tsek ang larawan na nagpapakita ng wastong pangangalaga sa katawan.<br>1. <br>2. <br>3. <br>4. <br>5.  | Bakit kailangan ng isang bata ang pagmamahal at pag- aalaga ng mga magulang o tagapangalaga? | Lagyan ng tsek ang mga paborito mong gawain na makatutulong sa kalusugan at pagpapaunlad sa sarili.<br>1. <br>2. <br>3. <br>4.  |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 5.  |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Pumili ng isa sa mga sumusunod na kaya mong gawin.<br><br>A. Sa gabay ng magulang ay gumupit ng larawan ng mga pagkain at idikit ito sa inyong kuwaderno. Ihiwalay ang masustansya sa hindi masustansyang pagkain.<br><br>B. Iguhit sa iyong kuwaderno ang mga akmang kasuotan sa sumusunod na panahon.<br><br>tag-ulan<br><br>tag-init o tag-araw<br><br>taglamig<br><br>C. Gumawa ng munting bahay gamit ang sumusunod:<br><br>*popsicle stick*, pandikit at *short bond paper*. | Pic Reference:<br><br>https://annebearcmt.medium.com/mala-masusing-banghay-aralin-kindergarten-f525f4bd4fb0 | Idikit sa kuwaderno ang larawan ng inyong pamilya. Lagyan ng pangalan ang mga kasapi nito. | Maghanap ng kaklase at pag-usapan ang mga hilig gawin at interes.<br><br>Itanong sa bata<br><br>May pagkakatulad ba ang inyong mga hilig at interes?<br><br>Paano n'yo mapauunlad ang inyong mga sarili gamit ang inyong hilig at interes?<br><br>Pic. Reference:<br><br>https://annebearcmt.medium.com/mala-masusing-banghay-aralin-kindergarten-f525f4bd4fb0<br><br>https://pdfcoffee.com/qdownload/esp1-q1-mod4-nakakikilala-ng-mga-gawaing-nagpapakita-ng-pagkakabuklod-ng-pamilya-final07282020-pdf-free.html |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | https://quizizz.com/admin/quiz/5f8beb7bc9fabb001bafd3b9/ang-piknik-sa-energy-park-filipino-3-quiz<br><br>https://alaminmokasi.wordpress.com/2013/12/10/kahalagahan-kabutihan-at-kagandahan-ng-pagbabasa/ |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph